# Ang Misteryosong Isla

Sinulat ni: **Ana Mae Condez Ostan**
Guhit ni: **Joven O. David**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Isang gabi, nawili si Ato sa paglalaro ng sipa at nakalimutan niyang gabi na. Habang papalapit sa bahay, napansin ni Ato ang liwanag na nanggagaling sa kabilang dako. Walang pag-aalangan na pinuntahan niya ang maliwanag na lugar.

Nakarating siya sa misteryosong isla na ayon sa mga kuwento ay tirahan ng mga tamawo. Dito niya nakita ang magagandang nilalang na nagkakasiyahan, maraming mga pagkain, at nakamamangha na lugar. "Nagustuhan mo ba ang aming lugar?" tanong ng isang magandang babaeng tamawo. "Gusto mo bang dito na tumira?" alok pa ng tamawo.

"Napakaganda po ng inyong lugar, pero mas nais ko pong makasama ang aking mga magulang. Maraming salamat po sa inyong pag-aasikaso sa akin, uuwi na po ako," ang maayos na paalam ni Ato.

Pagdating sa baybayin, naghihintay si tatay Toto at nanay Inday kay Ato. "Saan ka napunta anak? Alam mo bang tatlong araw ka ng nawawala," wika ni tatay Toto. Labis na nagtaka si Ato sa nalaman niya at ikinuwento ang mga nangyari sa kanya sa isla.

"Hindi magtatagumpay ang anumang engkanto, kapag naigiit mo sa kanila ang iyong tunay na pagmamahal sa iyong pamilya," wika ni tatay Toto.

"Patawad po sa inyo Tay, Nay, sa hindi ko po pagsunod sa inyong bilin," ang nanginginig at humihikbing sagot ni Ato.

